**THIRD PERIODICAL TEST IN ARALING PANLIPUNAN 7**

**NAME: ____________________________ GR.& SEC.________ SCORE:_______**

**Directions:** Basahing mabuti ang mga stanza sa ibaba at tukuyin kung ano ang tinutukoy nila mula sa mga ibinigay na pagpipilian sa ibaba ng bawat isa. Isulat ang titik ng iyong sagot nang direkta sa patlang.

.

_____ 1. Ito ay kilusan na inilunsad ng simbahan at ng mga Kristiyanong hari upang mabawi ang banal na lugar.

A. Krusada C. Renaissance
B. Merkantilismo D. Pagbagsak ng Constantinople

_____2. Ito ang pamagat ng aklat na inilimbag ng isang isang adbenturerong mangangalakal na taga - Venice kung saan inilahad niya rito ang mga nakita niyang magagandang kabihasnan sa mga bansang Asyano na kaniyang napuntahan lalo na sa China, na inilalarawan ang karangyaan at kayamanan nito.

A. Krusada C. Renaissance
B. Pagbagsak ni Marco Polo D. Pagbagsak ng Constantinople

_____ 3. Ito ay isang kilusang pilosopikal na makasining na nagpasimula sa Italya na naganap noong 1350 kung saan binigyang - diin dito ang pagbabalik interes sa mga kaalamang sa Greece at Rome.

A. Krusada C. Renaissance
B. Merkantilismo D. Pagbagsak ng Constantinople

_____ 4. Ang pangyayaring ito ang nagbigay- daan sa mga Turkong Muslim upang ganap na makontrol ang mga ruta ng kalakalan mula sa Europe patungong Silangan.

A. Krusada C. Renaissance
B. Merkantilismo D. Pagbagsak ng Constantinople

_____ 5. Ito ay prinsipyong pang- ekonomiya na umiral sa Europe kung saan ang naging batayan ng kayamanan at kapangyarihan ay ang pagkakaroon ng maraming ginto at pilak.\

A. Krusada C. Renaissance
B. Merkantilismo D. Pagbagsak ng Constantinople

Sa mga sumusunod na bilang ay matutunghayan mo ang iba't- ibang paraan ng kolonyalismo at imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya sa unang yugto. Tukuyin kung anong Kanluraning bansa ang nagsagawa ng mga paraan para makasakop ng partikular na lupain.

_____ 6. Pagtatag ng sentro ng kalakalan at pagpapalaganap ng Kristiyanismong Katolisismo sa India

A. Portugal C. France
B. England D. Netherlands

_____ 7. Ginawang protectorate ang Bahrain

A. Portugal C. France
B. Spain D. Great Britain

Ito ay mga epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Asya sa iba't- ibang aspekto. Piliin lamang ang titik ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat bilang.

_____8. Ang India ang naging tagapagtustos ng mga hilaw na materyales at pamilihan ng produktong Kanluranin.

A. Ekonomiya
B. Pulitika
C. Sosyo- kultural

_____9. Maraming katutubo ang yumakap sa Kristiyanismo

A. Ekonomiya
B. Pulitika
C. Sosyo- kultural

_____10. Nagkaroon ng "fixed border" o takdang hangganan ang teritoryo ng bawat bansa.

A. Ekonomiya
B. Pulitika
C. Sosyo- kultural

_____11. Alin sa sumusunod na mga bansang Europeo ang nangunguna sa paghahanap ng ruta, paggalugad sa mundo, at pagsakop ng mga lupain?

A. Italy at England C. France at Netherlands
B. Portugal at Spain D. Germany at America

_____12. Bakit ang mga daungan ng isang lugar o bansa tulad ng Diu at Goa sa India, Macao sa China ang piniling sakupin ng bansang Portugal?

A. Dahil madali ang pagdaong dito ng kanilang mga sasakyang pandagat
B. Dahil ito ang utos ng hari ng bansang Portugal at hindi maaaring suwayin
C. Mga daungan ang kanilang piniling sakupin upang makontrol ang kalakalan
D. Lahat ng nabanggit

_____13. Alin sa sumusunod ang naging masamang epekto ng kolonyalismo sa rehiyong Asya?

A. Pag-unlad ng kalakalan
B. Pagkamulat sa kanluraning panimula
C. Pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
D. Paggalugad at pakikinabang ng mga kanluranin sa mga likas na yaman

_____14. Sino ang taong nakaikot o nalibot ang Cape of Good Hope sa dulo ng Aprika na siyang magbubukas ng ruta patungong India at sa mga Islang Indies?

A. Vasco da Gama C. Alfonso de Albuquerque
B. Francisco de Almeida D. Bartolomeu Dias

_____15. Ang pangatlong bansa na gustong sumakop sa bansang India at nakipagsabwatan ito sa pinunong lokal ng Bengal.

A. Netherlands C. Russia
B. England D. France

_____16. Ito ang pinakamimithi na lugar na pinagkukunan ng mga rekado. Sa lugar na ito hindi naiwasang nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng Portugal at Spain dahil sa pinag- aagawang mga rekado o pampalasa.

A. Formosa (Taiwan ngayon) C. Moluccas
B. Ceylon (Sri Lanka ngayon) D. Pilipinas

_____17. Sa matinding tunggalian ng dalawang bansang Portugal at Spain ay namagitan ang Papa ng Simbahang Katoliko para maiwasan ang digmaan ng paligsahan ng mga ito. Taong 1914 ay nagtalaga ng line of Demarcation o hangganan kung saang bahagi ng mundo maggalugad ang dalawang bansa.

Ayon sa Kasunduang Tordesillas, ang Portugal ay naggalugad sa bandang silangan samantalang ang Spain ay sa bandang ____________.

A. Kanluran C. Hilaga
B. Timog D. Timog-Silangan

_____18. Sino ang ipinadala ng bansang Portugal bilang unang Viceroy sa silangan noong 1505?

A. Vasco da Gama C. Alfonso de Albuquerque
B. Francisco de Almeida D. Bartolomeu Dias

_____19. Bakit nagtatag ang mga bansang Kanluranin ng mga kolonya sa Asya?

A. Upang palawakin ang kanilang teritoryo o lupain
B. Upang pakinabangan ang ating mga likas na yaman
C. Upang makapagtatag ng sentro ng kalakalan
D. Lahat ng nabanggit

_____20. Ang tawag sa naganap na labanan na umabot ng pitong taong digmaan sa pagitan ng England at France. Sa tulong ni Robert Clive na siyang nagtatag nang tunay na pundasyon ng Ingles sa India, ang England ay nagtagumpay laban sa France.

A. Rebelyong Sepoy C. Labanan sa Plassey
B. Digmaang Portugal at Spain D. Labanan sa India

_____21. Ito ay damdaming makabayan na nagpapakita ng matinding pagmamahal at pagpahahalaga sa Inang-bayan.

A. Kolonyalismo C. Imperyalismo
B. Nasyonalismo D. Kristiyanismo

_____22. Ano ang pangunahing manipestasyon ng nasyonalismo na makikita sa pagtutulungan, pagkakabuklod sa iisang kultura, saloobin at hangarin?

A. Kalayaan C. Katarungan
B. Pagkakaisa D. Pag-unlad

_____23. Ito ay maituturing na pinakamahalagang manipestasyon ng isang tao na kung saan may kahandaang magtanggol at mamatay para sa bayan.

A. Nasyonalismo C. Imperyalismo
B. Kolonyalismo D. Kristiyanismo

_____24. Ito ay ang pagpapatiwakal ng mga biyudang babae at pagsama sa libing ng namatay na asawa.

A. Suttee C. Satyagraha
B. Sepoy D. Amritsar

_____25. Ito ay pag-aalsa ng mga Sepoy sa mga Ingles bilang pagtutol sa pagtatangi ng lahi o racial discrimination.

A. Rebelyong Sepoy C. Suttee
B. Amritsar Massacre D. Ahimsa

_____26. Naghangad din ng kaniyang kalayaan ang India. Anong pamamaraan ang isinagawa nito upang matamo ang kaniyang hangarin?

A. Nakikipag-alyansa sa mga kanluranin
B. Itinatag ang All Indian National Congress
C. Binoykot ang mga produktong Ingles
D. Tinulungan ang mga Ingles sa panahon ng digmaan

_____27. Nang makamit ng India ang kalayaan mula sa Great Britain noong 1947, nahati ito sa dalawang estado, ang kalakhang India at Pakistan. Ano ang epekto nito sa katayuan ng bansa at mamamayan?

A. Nahimok na mag-alsa ang mga Muslim sa mga Hindu.
B. Nahati ang simpatiya ng mamamayan sa dalawang estado.

C. Nagsilikas ang karamihan ng mamamayan sa ibang bansa.
D. Nagkaroon ng kaguluhan sa pamumuno

______28. Ang alyansang Allies ay binubuo ng mga sumusunod na bansa, maliban sa isa;
A. France C. Russia
B. England D. Iraq

______29. Ang alyansang Central Powers ay binubuo ng mga sumusunod na bansa tulad ng Germany at ____________.
A. England C. United Nations
B. Austria- Hungary D. France

______30. Bakit maituturing na pinakamahalagang pangyayaring naganap sa Asya ang pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
A. Marami ang nasiyahan sa digmaan
B. Dahil marami ang nag-aalsa
C. Dahil dito inasahang makakamit ang kalayaang minimithi ng mga bansa saTimog at Kanlurang Asya.
D. Dahil marami ang napinsala

______31. Alin ang isa sa epekto ng Unang Digmaang Pandaigdig ng Kanlurang Asya ay ang;
A. Ang pagpasok ng mga Kanluraning bansa sa Kanlurang Asya
B. Ang pagbagsak ng Imperyong Ottoman
C. Nasiyahan ang mga tao
D. A at B

______32. Sumiklab ang Unang Digmaang Pandaigdig noong Agosto 1914. Bakit sumiklab ang digmaang ito?
A. dahil sa pag-aalyansa ng mga bansang Europe
B. dahil din sa pag-uunahan ng mga bansang ito sa teritoryo at maisakatuparan ang kani-kanilang interes
C. ang mahalagang pangyayari na nagpasiklab sa nasabing digmaan ay ang pagkamatay ni Archduke Francis Ferdinand ng Austria.
D. Lahat ng nabanggit.

______33. Ang ideolohiya ay nahahati sa dalawang pangunahing kategorya – ang ideolohiyang pang–ekonomiya at ideolohiyang pampolitika. Ano ang ibig sabihin ng ideolohiyang pang ekonomiya?
A. Ito ay nakapokus sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pagpapatupad ng mamamayan.
B. Ito ay nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mamamayan
C. A at C
D. Wala sa nabanggit

______34. Ang ideolohiyang pang-ekonomiya ay nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa ng paghahati ng kayamanan nito sa mamamayan. Ano naman ang pinatutuunan ng pansin ng ideolohiyang pampolitika?
A. Ito ay nakapokus sa paraan ng pamumuno at sa paraan ng pagpapatupad ng mamamayan.
B. Ito ay nakatuon sa mga patakarang pangkabuhayan ng bansa at paraan ng paghahati ng kayamanan nito sa mamamayan
C. A at C
D. Wala sa nabanggit

______35. Ang nagtatag ng Muslim League noong 1906 upang mabigyang proteksyon ang kanilang mga karapatan at kapakanan.
A. Mohandas Gandhi C. Muhammad Ali Jinnah

B. Theodor Herzl D. Abdul Aziz Ibn Saud

_____36. Alin sa mga sumusunod na pagpipili-an ang hindi kasama sa mga dahilan kung bakit gusto ng mga kababaihang Asyano na bumuo ng samahang pangkababaihan?

A. Upang maihayag ang kanilang interes.
B. Upang magkaroon ng sapat na edukasyon
C. Upang maisulong ang pagkakapantay-pantay ng pagtingin sa lalaki at babae.
D. Upang makapag-asawa.

_____37. Mahalaga ang samahang pangkababaihan________

A. Sapagkat minsan na nilang naranasan ang iba't ibang anyo ng pang-aapi
B. Sapagkat naranasan din nila ang diskriminasyon
C. Sapagkat gusto nilang makapag-asawa ng may mataas na katungkulan sa lipunan.
D. Sapagkat gusto nilang makamtan ang pantay na pagtingin sa babae at lalaki.

_____38. Ito ay ang anumang pag-uuri, eksklusiyon o restriksiyon batay sa kasarian na naglalayon o nagiging sanhi ng hindi pagkilala, paggalang, at pagtatamasa ng mga babae ng kanilang mga karapatan o kalayaan.

A. pang-aabuso C. diskriminasyon
B. pagsasamantala D. pananakit

_____39. Tumutukoy sa kasarian – kung lalaki o babae. Ito rin ay maaaring tumukoy sa gawain ng babae at lalaki na ang layunin ay reproduksiyon ng tao.

A. masculine C. feminine
B. sex D. gender

_____40. Karaniwang inilalarawan bilang International Bill for Women, kilala din ito bilang The Women's Convention o ang United Nations Treaty for the Rights of Women.

A. CEDAW C. UDHR
B. Magna Carta for Women D. GABRIELA

_____41. Ang pinakamalaking makakaliwang samahan ng kababaihan sa Bangladesh na sumusuporta sa kampanya sa pagsasabatas ng pagbabawal ng pagbibigay ng dote. Ano ang pangalan ng samahan?

A. Mahila Parishad C. UFWR
B. LTTE D. WAF

_____42. Ang pagkakabuo ng mga samahang pangkababaihan ay naglalayong_________.

A. Maihayag ang kanilang saloobin
B. Maihayag ang kanilang damdamin
C. Maihayag ang kanilang opinyon
D. pagkalooban sila ng pantay na karapatan sa buhay gaya ng sa mga kalalakihan at respeto at pagpapahalag

_____43. Alin sa mga samahang pangkababaihan sa India ang hindi kabilang sa nagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan sa edukasyon.

A. Bharat Aslam C. Anjuman-e-Khawatin-e-Islam
B. Arya Mahila Samaj D. Mahila Parishad

_____44.Siya ang nanguna sa pagbibigay ng karapatan na makapag-aral sa kolehiyo at magkaroon ng karapatang ekonomiko ang kababaihan. Sino siya?

A. Susam Mubarak C. Reyna Rania Al- Abdulla
B. Sheikha Fatima Bint Mubarak D. Amir-un-Nisa

_____45. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi kabilang sa mabuting dulot ng pagkatatag samahang pangkababaihan?

A. Nabibigyan ng pagkakataon ang mga kababaihan na maghanapbuhay.
B. Nabibigyan ng pagkakataon na mag-asawa ng marami.
C. Nabibigyan ng karapatang makilahok sa politika.

D. Nabibigyan ng pantay na pagtingin ang mga kababaihan.

_____46. Ang Pilipinas ay nagpapadala ng mga kinatawan sa UN at nagkakaroon ng boses sa pagpapasya sa mahahalagang isyu na nilulutas ng samahan

A. Karapatan sa Pantay na Pagkilala
B. Karapatang Magsarili
C. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
D. Karapatang Makipag-ugnayan

_____47. Nakasaad sa Saligang Batas na sa panahon na nasa panganib ang bansa ang sinumang mamamayang Pilipino na nasa tamang edad babae man o lalaki ay maaaring maglingkod personal, militar man o sibil.

A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
B. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
C.Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian
D.Karapatang Malipag-ugnayan

_____48. Karapatan ng Pilipinas ang magpadala ng ambassador sa ibang bansa at tanggapin ang sinumang ambassador na ipapadala ng ibang bansa na may mabuting hangarin.

A.Karapatan sa Pantay na Pagkilala
B.Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
C.Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan
D.Karapatang Makipag-ugnayan

_____49. Karapatan ng Pilipinas na ipatupad ang mga batas ukol sa pangangalaga sa teritoryo, mamamayan at mga ari-arian nito.

A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
B. Karapatang Makapagsarili
C. Karapatang Mag-angkin ng Ari-arian
D. Karapatang Ipagtanggol ang Kalayaan

_____50. Ang banta ng terorismo at droga ay ilan sa mga suliraning hinaharap ng bansa. Karapatan ng Pilipinas na gumawa at magpatupad ng mga batas upang sugpuin ang mga ito.

A. Karapatang Mamahala sa Nasasakupan
B. Karapatang Ipagtanggol ang kalayaan
C. Karapatang Makapagsarili
D. Karapatang Makipag-ugnayan

_____51. Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan naglalaan ng pondo ang pamahalaan para sa national roads, tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; mga silid-aralan at iba pa. Saan mabibilang ang mga nasabing proyekto ng pamahalaan?

A. Pang-impraestruktura C. Pang-edukasyon
B. Pampolitika D. Pangkalikasan

_____52. Hirap ang mga tao sa lugar na malapit sa ilog tuwing umuulan upang mamalengke lalo na kung maulan. Gustong magpatayo ng tulay ng inyong kapitan. Anong ahensiya ng pamahalaan ang makatutulong sa proyektong ito?

A. Kagawaran ng Edukasyon
B. Kagawaran ng Katarungan
C. Kagawaran ng Kalusugan
D. Kagawaran ng mga Pagawainat Lansangang Bayan

_____53. Sa Metro Manila at sa iba pang bahagi ng Pilipinas ay nagpapatayo ng mga flyover. Anong programang pangimpraestruktura ang nagpapatupad nito at sa anong layunin?

A. Kagawaran ng Edukasyon

B. Kagawaran ng Katarungan
C. Kagawaran ng Kalusugan
D. Kagawaran ng mga Pagawain at Lansangang Bayan

_____54. Ngayong panahon ng COVID-19 pandemic ay napakahalaga ang pangasiwaan ng National Telecommunication Commission (NTC) para sa paghahatid ng mga makabagong teknolohiya at makapagpabilis sa komunikasyon ng mga tao. Ano-ano ang kagamitang nakatutulong sa mabilis na pakikipag-ugnayan ng mga tao?

A. telepono, jeepney, bus
B. radio, tricycle, motorsiklo
C. eroplano, helicopter, kotse
D. Cellphone, computer, internet, radyo at telebisyon

_____55. Ano ang kaugnayan ng maayos na impraestruktura sa pagunlad ng bansa?

A. Nakapagbibigay ito ng solusyon sa mga problema ng bansa
B. Nakatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino
C. Paraan ito upang maging malaya ang bansa na makipagugnayan
D. Nagiging dahilan ito ng pagtaas ng kita ng pamahalaan

_____56. Ito ay may maliit na gusali na hugis bilugan at ang bubungan ay may turret na hugis dulo ng lapis.

A. mosque C. turbe
B. stupa D. ribat

_____57. Bakit kakaiba ang rehiyon ng Timog Asya sa larangan ng arkitektura?

A. Sapagkat lumaganap ang impluwensyang Indian sa rehiyon ng Silangan at Timog Silangang Asya
B. Sapagkat mas kilala ang rehiyon ng Timog Asya sa buong daigdig
C.Sapagkat maraming nagawang kontribusyon ang mga Timog Asya Level ng Pagsasagawa (Performance)
D. Sapagkat malaki ang impluwensya ni Shah Jahan sa larangan ng arkitektura sa Timog Asya

_____58. Kung ikaw ay pangulo ng samahang Social Studies Guild at naatasang magpresenta ng mga kontribusyon sa Timog at Kanlurang Asya, alin ang mas angkop na gagamitin sa isang video conferencing?

A. Pagkukuwento at pagtatanong
B. Pagbabasa ng teksto at pagbibigay haka-haka
C. Debate at pag-uutos ng dapat Gawain
D. Multimedia presentation at pagtatalakay

_____59. Ang panitikang ito ay mas kilala sa sa tawag na “Arabian Nights”.

A. Songs of Jerusalem C. The Tale of Alibaba
B. Rubaiyat D. A Thousand and One Nights

_____60. Ang Kanlurang Asya ay nakilala sa mga larong pampalakasan. Alin sa tingin mo ang hindi kasali sa rehiyong ito?

A. weight lifting C. hurdle
B.chess D.wrestling